# Pagbibigay ng Pahintulot sa Walking School Bus
# (Walking School Bus Permission Slip)

**Layunin**
Ang walking school bus na programa ay dinisenyo upang maging aktibo ang mga bata, maragdagan ang kaligtasan, mabawasan ang emisyon ng carbon, at gawin ang komunidad na sama-samang magtrabaho. Ang mga batang lumalahok sa walking school bus ay magkakagrupong maglalakad sa paaralan sa pangunguna ng mga boluntaryong tao na nasa hustong gulang.

**Mga Layunin ng Programa**
Ang walking school bus na programa ay bahagi ng pangunguna ng Safe Routes to School (SR2S) (Ligtas na mga Ruta sa Paaralan). Ang mga hangarin ng SR2S ay upang:

- Maragdagan ang araw-araw na pisikal na aktibidad
- Maragdagan ang kaligtasan ng mga tao na naglalakad at nagbibisikleta
- Mabawasan ang trapik sa loob at paligid ng mga paaralan
- Mapagbuti ang kalidad ng hangin

**Potensiyal na mga Panganib**
Ang walking school bus na programa ay dinisenyo upang mabawasan ang panganib ng pinsala habang naglalakbay ang mga bata papunta at mula sa paaralan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pangangasiwa ng mga boluntaryong tao na nasa hustong gulang.

**Boluntaryong Pagbibigay ng Pahintulot**
Pinapatunayan ko na aking nabasa ang pormularyo ng pahintulot na ito o binasa sa akin at nauunawaan ko ang potensiyal na mga panganib. Sa pamamagitan ng paglagda sa pormularyong ito, sumasang-ayon ako na payagan ang aking anak na lumahok sa walking school bus na programa at sumasang-ayon na ang paglalakbay ng aking anak sa paaralan ay akin pa ring responsabilidad kahit na gagamitin nila ang walking bus. Kinikilala ko na kahit na ang (mga) tao na nasa hustong gulang ay magsisilbing bantay ng mga bata, hindi nila personal na responsabilidad ang kaligtasan at kapakanan ng indibiduwal na mga bata.

Ipinaliwanag ko sa aking anak ang kailangan para sa magandang asal at tinatanggap na kapag sumuway ang aking anak sa mga alituntunin ng walking bus, siya ay hindi na papayagang sumali sa walking bus.

**Kontak na Impormasyon sa Emerhensiya (Emergency Contact)**
Nauunawaan ko na kapag ang aking anak ay nagkasakit o nasaktan sa panahon ng paglalakbay papunta o mula sa paaralan, may isang tao na susubukang kontakin ako o ang kontak na impormasyon sa emerhensiya sa mga numerong nakalista sa ibaba o sa tanggapan ng paaralan:

**Pangalan ng Magulang**________________________________ **Telepono**__________________

**Iba pang Kontak na Impormasyon sa Emerhensiya**________________________ **Telepono**____________
Kung hindi ako makontak, nauunawaan ko at sumasang-ayon na ang aking anak ay maaaring dalhin para sa tulong medikal, at sumasang-ayon ako na ako ang nag-iisang may responsabilidad para sa anuman at lahat ng halagang magagasta bilang resulta nito. Sumasang-ayon pa ako na ituturing na di-nakapipinsala sa [SCHOOL NAME] at San Mateo County Office of Education (Tanggapan ng Edukasyon ng San Mateo County), kanilang mga kawani at sinumang boluntaryo ng programang ito para sa pinsalang nagaganap sa aking anak na resulta ng aksiyon o hindi pag-aksiyon ng San Mateo County Office of Education (Tanggapan ng Edukasyon ng San Mateo County), distrito, paaralan, o kanilang mga kinatawan.

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyari lamang na kontakin ang____________________

sa______________________________________________________.

Mangyari lamang na ibalik sa__________________________________________.

# Pagbibigay ng Pahintulot sa Walking School Bus
# (Walking School Bus Permission Slip)

Pangalan ng Bata________________________________ Guro/Grado_______________

Tirahan ng Bata__________________________________________________________________

E-mail Address ng Magulang_______________________________________________________

Lagda ng Magulang o Legal na Tagapag-alaga__________________________________

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyari lamang na kontakin ang______________________

sa__________________________________________________________.

Mangyari lamang na ibalik sa_____________________________________________.